

Hulyo 15, 2020

Importanteng Abiso mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad tungkol sa Mga Update sa Pagbabago ng Patakaran para sa mga Manggagawang Nagbibigay ng Pansamantalang Pangangalaga sa Tahanan (In-Home Respite Workers)

Ano ang dapat malaman **Gusto naming bigyan kayo ng pinakamagandang kalayaan upang makatanggap ng mga serbisyo at suporta.**

Sa panahon ng paglaganap ng COVID-19, gusto naming siguraduhin na nananatili kayong malusog at tumatanggap ng mga serbisyong inyong kailangan.

Ano ang magbabago

Mga Manggawang Nagbibigay ng Pansamantalang Pangangalaga sa Tahanan:

- Hindi kailangang magkaroon ng Pagsasanay sa CPR o First Aid ang inyong mga Manggawang Nagbibigay ng Pansamantalang Pangangalaga sa Tahanan bago sila magsimulang tumulong sa inyo kung wala kayong hindi gumaling-galing o ipinapakitang problema sa kalusugan. Dapat silang magsanay sa loob ng 30 araw matapos magsimulang magtrabaho.
- Ginagawa ito upang paramihin ang bilang ng mga tauhang magagamit upang suportahan kayo.

May mga tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentrong panrehiyon. Kung hindi nila kayo matulungan, mangyaring mag-email sa DDSC19@dds.ca.gov.

Alamin pa

Basahin ang abiso ng Kagawaran tungkol sa Idineklarang State of Emergency ni Governor Gavin Newsom dahil sa biglang paglitaw ng COVID-19.

Link sa buong teksto ng direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad:
[Pagpapalawig ng mga Waiver, Pagbabago at Direktiba dahil sa COVID-19](#)